



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-13 ng Pebrero, 2020

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

MARTES ANG DEADLINE UPANG MAGPAREHISTRO PARA MAKABOTO

Kung nais ninyong bumoto sa Ika-3 ng Marso na Pampanguluhang Primaryang Eleksyon, [magparehistro](#) sa o bago ang Martes, Ika-18 ng Pebrero. Kailangan ninyong magparehistro para makaboto kung kayo ay:

- hindi nakarehistro sa County ng San Diego
- kamakailang lumipat
- pinalitan ang inyong pangalan
- pinalitan ang inyong status ng pampulitikang partido

Kung nais ninyong bumoto para sa pangulo, [siguraduhin na ang inyong balota ay mayroong opsyon na nais ninyo](#). Ang mga pampulitikang partido ang nagpapasya kung sino ang maaaring bumoto sa kanilang mga pampanguluhang primarya.

Kung nakarehistro kayo sa isang pampulitikang partido na naiiba sa pampanguluhang kandidato na nais ninyong iboto, kailangan ninyong magparehistro para makaboto sa partidong iyon at gawin ito sa o bago ang Martes.

Kung nakarehistro kayo bilang Walang Partido (kilala rin bilang independiyente, walang preperensyang partido o pagtanggap ipahayag), ang pampanguluhang kontest ay hindi malilista sa inyong balota. Maaari kayong humiling ng kahit alin sa balota ng American Independent Party, Democratic Party o Libertarian Party sa inyong itinalagang lugar ng botohan upang bumoto para sa isa sa kanilang mga pampanguluhang kandidato. Pinapayagan ng mga partidong ito ang mga botanteng Walang Partido na bumoto sa kanilang mga primarya.

Gayunpaman, kung nais ninyong bumoto para sa isang pampanguluhang kandidato sa mga partidong Green, Peace and Freedom o Republican, dapat kayong muling magparehistro sa partidong iyon, at gawin ito sa o bago ang Martes. Ang tatlong partidong ito ay pinapayagan lamang ang iyong mga nakarehistro sa kanilang partido na bumoto sa kanilang pampanguluhang primarya.



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-13 ng Pebrero, 2020

Kung hindi kayo sigurado tungkol sa inyong rehistrasyon, i-tsek ang status ng inyong rehistrasyon sa sdvote.com. Kung hindi kayo nakarehistro o kailangan ninyong palitan ang inyong rehistrasyon, makikita niyo rin doon ang impormasyong iyon. Kung ang inyong pirma ay nakumpirma sa pamamagitan ng mga record sa Department of Motor Vehicles, ito ay awtomatikong ipapadala sa opisina ng Tagapagrehistro. Kung ang inyong pirma ay hindi nakumpirma, maaari ninyong i-print ang porma sa online, pirmahan ito at ipakoreo ito sa Tagapagrehistro.

Para sa mga botanteng walang access sa isang computer, makukuha rin ang mga porma ng rehistrasyon sa mga opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante, U.S Postal Service, City Clerk, mga pampublikong library at Department of Motor Vehicles. Para sa mga botanteng nangangailangan ng tulong sa wika, makukuha rin ang mga materyales sa eleksyon sa Spanish, Filipino, Vietnamese at Chinese.

Ang mga porma ng rehistrasyon ay dapat may postmark o maihatid sa Tagapagrehistro sa o bago ang Ika-18 ng Pebrero. Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay bukas hanggang ika-8 ng gabi sa araw na iyon. Maaari ring magparehistro ang mga botante sa [online](#) hanggang hatinggabi.

Ang maagang pagboto ay isinasagawa na sa opisina ng Tagapagrehistro sa Kearny Mesa, na matatagpuan sa campus ng County Operation Center sa 5600 Overland Avenue, San Diego, 92123. Maaaring botohan ng mga botante ang kanilang mga balota doon mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon Lunes hanggang Biyernes hanggang sa Araw ng Eleksyon, kung kailan magbabago ang mga oras ng pagboto sa ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi upang sumalamin sa mga oras sa mga botohan. Bukas din ang Tagapagrehistro sa pagitan ng ika-8 ng umaga at ika-5 ng hapon sa Sabado, Ika-29 ng Pebrero at Linggo, Ika-1 ng Marso para sa weekend na pagboto.

Mayroong pang oras upang mag-apply para sa isang balotang pangkoreo kung iyon ay mas madali. Ang mga nakarehistrong botante ay maaaring [humiling ng balotang pangkoreo](#) hanggang Ika-25 ng Pebrero.

Kung hindi kayo nakaabot sa deadline para magparehistro, maaari pa rin kayong [magparehistro nang kondisyonal](#) at bumoto nang probisyonal hanggang sa Araw ng Eleksyon.



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-13 ng Pebrero, 2020

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 or bumisita sa

sdvote.com.

###

COUNTY**NEWS**CENTER

